



Kailan ka aalis ng Japan?



Cupolan

※Kung nahihirapan mag salita ng Japanese, magsama ng taong naakakapagsalita ng Japanese.

Kawaguchi City Hall (Trunk line) 048-258-1110

Kompirmasyon ng itatalagang babayaranang halaga ng buwis at naatasang tagapagbayad;

Kompirmasyon ng bayad, pamamaraan ng pag transfer sa account;

➔ Munisipal Tax Division 048-259-7634~6

➔ Tax Payment Division 048-259-7949

Ano ang dapat gawin?

Q&A Pagbabayad ng Residential Tax

- Q**
- Ano ang mangyayari kung aalis ng Japan ng hindi nabayaran ang buwis?
 - Ano ang mangyayari kung hindi nakipag-usap sa pagbabayad ng naipataw na buwis?

A Kung ang abiso ng buwis ay hindi nakarating sa kinauukulan dahil sa pag aalis ng Japan nang hindi nakipag kasundo sa pagbabayad ng Residential Tax, maaaring ipagkatiwala sa pamamaraan ayon sa batas na tinatawag na "Pag bibigay-alam sa pamamagitan ng pampublikong anusyo. "Ito may buong kapangyarihan na magtakda ng panahon ng pagbabayad ng buwis. Ang hindi pagtupad ay may karampatang parusa.

Q Ano ang "Pagbibigay-alam sa pamamagitan ng Pampublikong Anunsyo"?

A Patunay matapos masuri na ang "Abiso ng Tax" ay imposibleng maipadala sa kinauukulan. Ang city hall ay mag papaskil ng anunsyo sa munisipal bulletin board, ito ay opisyal na magbibigay-alam sa publiko. Matapos ang itinakdang araw, ito ay maituturing na naipagbigay alam na.

Q Ano ang "Namamahala ng pagbabayad ng buwis?"

A Ang "mamamahala ng pagbabayad ng buwis" ay iyong kinatawan na magaasikaso ng lahat ng obligasyon ng bayarin sa Japan (pagtanggap ng dokumento, pagbabayad etc).

Q Kailan ipapadla ang "Abiso ng buwis?"

A Bawat taon ng Hunyo.

※Kalagitnaan ng Mayo para sa mga business establishment.

Q Hanggang kailan dapat i-sumite ang pagpili para sa tagapag-bayad ng aking buwis?

A Dalawang linggo bago umalis ng Japan.

✳️Ang pagproseso ay maaaring matagalan kaya kung sigurado na sa araw ng pagalis, magappoint na ng taong magbabayad !

Q Ano ang mangyayari kung hindi ako makahanap ng tagapag-bayad ng aking buwis?

A Makipag-usap tungkol sa pagbabayad sa pamamagitan ng bank transfer.

Ideposito ang naturang halaga bago umalis ng Japan.

Q Babalik din ako bago matapos ang taon. Kailangan ko pa bang mag appoint ng tagapag-bayad or mag-ayos ng account transfer?

A Oo. Kung babayaran ang buwis paglampas ng Hunyo, magkakaroon ng karagdagang tubo.

Maaari ding atasan ng paglakis ng mga ari-arian kung mapapatunayan pagkatapos ng imbestigasyon na may mga pag aari.

✳️Ang imbestigasyon tungkol sa ari-arian ay mananatili kahit na lumipat na sa ibang siyudad.

Q Hindi ko alam kung magkano ang babayaran? Nawala na ang mga dokumento at ang abiso.

A Makipag-ugnayan sa Municipal Tax Division.
Ipapaalam sa iyo ang halaga ng babayaran at maaaring mag padala ng panibagong abiso.

Q Hindi ko alam kung magkano na ang naibayad ko? Mayroon pa bang akong hindi nababayaran?

A Makipag-ugnayan sa Tax Payment Division.
Ipapaalam namin kung magkano ang hindi pa nababayarang Residential Taxes.

Q Hindi ako nakatira sa Japan. Bakit kailangang mag bayad ng Residential Tax?

A Ang Resident Tax ay ipinapataw sa mga residente sa Japan na nakarehistro sa Kawaguchi City matapos ang araw ng pagsusuri (Bawat taon, Enero 1), at taong may kinita noong nakaraang taon na mapapatawan ng buwis. Dahil dito, ang pagbabayad ng buwis hindi maaaring mabago kahit na ikaw ay nakatakdang umalis ng Japan ngayong taon.